**Pamagat**: Ang Dakilang Pag-ibig ng Panginoong Jesus

**Texto**: "Wherefore in all things it behoved him to be made like unto his brethren, that he might be a merciful and faithful high priest in things pertaining to God, to make reconciliation for the sins of the people." (Hebrews 2:17)

Pagsasalin: Kaya't nararapat sa kaniya na sa lahat ng mga bagay ay matulad sa kaniyang mga kapatid, upang maging isang maawain at tapat na punong-pari sa mga bagay na nauukol sa Dios, upang gumawa ng pagtugmain (o ilagay sa armonya) (pamamayapa) para sa mga kasalanan ng mga tao.

**Panimula**:

1. Ang Panginoong Jesu-Cristo ay Diyos na nagkatawang tao. (Jn. 1:1,14; Phil. 2:6-8; 1 Tim. 3:16).
2. Siya ay nagkatawang tao at dahil dito ay naranasan niya ang lahat ng ating kahinaan, pero hindi ang ating pagiging makasalanan.
   (halimbawa: gutom, uhaw, matinding paghihirap, tinalikdan, kamatayan subalit wala siyang sala: Hebreo 4:15)
3. Sa mensahe nating ngayon makikita natin ang mga dahilan kung bakit nararapat o kinakailangan na magkatawang tao ang Panginoon.

**I. Upang siya ay maging maawain at tapat na punong-pari sa mga bagay na nauukol sa Dios**.

A. Naranasan niya ang karalitaan ng kasalanan. Dahil dito siya ay "Maawain" (Hebreo 8:12).
B. Siya rin ay tapat sa lahat ng mga nagsisisi at makasalanang tao. (1 Juan 1:9).
C. Ano ang mga bagay na nauukol sa Dios: Kabayaran ng pinsala, Pamamagitan, Pagbasbas ng byabya.

**II. Upang maitugma niya ang banal na Dios sa makasalanang tao**.

A. Ang Panginoong Jesu-Cristo lamang ang pwedeng gumawa ng paraan para sa ating muling pagbalik sa Dios. (Isa. 53:5).
B. It ay kaniyang ginawa habang tayo ay kaaway or kalaban ng Diyos. (Rom. 5:10).
C. Itong gawa ay sa pamamagitan ng kanyang banal na dugo. (Eph. 2:13).

**III. Upang mawasak niya ang kapangyarihan ng Diablo**. (v.14)

A. Limitado ang kapangyarihan ng Diablo. (Job 1:12; 2:6)
B. Ang tagumpay natin kay Satanas ay nakay Cristo. (1 Cor. 15:56,57)

**IV. Upang maidala niya ang maraming anak sa kalulwalhatian**. (v.10)

A. Sa pamamagitan ng kaligtasan tayo ay naging mga anak ng Diyos. (Jn. 1:12)
B. Dahil tayo ay mga anak ng Diyos iba ang pagtungo niya sa atin. (inilaan tayo ng Diyos) (Heb. 2:11).

**Katapusan**:

1. Napaka dakila ang gawa ng Panginoong Jesu-Cristo para sa ating lahat, tayo ay dapat magpasalamat tayo sa kaniya araw-araw.
2. Ano ang umudyok sa Diyos na ihandog niya ang kanyang bugtong na anak para sa ating mga Kasalanan? Bakit nga ba na nagkatawang tao ang Panginoong Jesus? Isa lang ang sagot: pag-ibig. (Dakila ang pagmamahal ng Diyos sa atin!)